# Nagkasala ang isang tao ng isang pagkakasala kaya nagsabi siya: "O Allah, magpatawad Ka sa akin sa pagkakasala ko." Kaya nagsabi Siya, mapagpala Siya at pagkataas-taas: "Nagkasala ang lingkod ko ng isang pagkakasala at nalaman niyang mayroon siyang isang Panginoong nagpapatawad sa pagkakasala at nagpaparusa rito."

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya, ayon sa Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, hinggil sa isinalaysay niya tungkol sa Panginoon niya, mapagpala Siya at pagkataas-taas. Nagsabi siya: Nagkasala ang isang tao ng isang pagkakasala kaya nagsabi siya: "O Allah, magpatawad Ka sa akin sa pagkakasala ko." Kaya nagsabi Siya, mapagpala Siya at pagkataas-taas: "Nagkasala ang lingkod ko ng isang pagkakasala at nalaman niyang mayroon siyang isang Panginoong nagpapatawad sa pagkakasala at nagpaparusa rito." Pagkatapos ay nanumbalik siya at nagkasala [muli] kaya nagsabi: "O Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin sa pagkakasala ko." Kaya nagsabi Siya, mapagpala Siya at pagkataas-taas: "Nagkasala ang lingkod ko ng isang pagkakasala at nalaman niyang mayroon siyang isang Panginoong nagpapatawad sa pagkakasala at nagpaparusa rito. Nagpatawad na Ako sa lingkod Ko kaya gawin niya ang niloob niya."

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Kapag gumawa ang tao ng isang pagkakasala, pagkatapos ay nagsabi siya: "O Allah, magpatawad Ka sa akin ng pagkakasala ko," magsasabi naman si Allah, mapagpala Siya at pagkataas-taas: "Gumawa ang lingkod Ko ng isang pagkakasala at nalaman niyang mayroon siyang isang Panginoong nagpapatawad ng pagkakasala." Pagtatakpan siya ni Allah at magpapalampas sa kanya o parurusahan siya dahil doon. Pagkatapos ay nanumbalik siya at nagkasala muli at nagsabi: "O Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin ng pagkakasala ko." Magsasabi naman si Allah, mapagpala Siya at pagkataas-taas: "Gumawa ang lingkod Ko ng isang pagkakasala at nalaman niyang mayroon siyang isang Panginoong nagpapatawad ng pagkakasala. Nagpatawad na Ako sa lingkod Ko kaya gawin niya ang ninais niyang mga pagkakasala at pasundan niya ang mga ito ng tumpak na pagbabalik-loob. Hanggat gumagawa siya ng gayon: nagkakasala at nagbabalik-loob, magpapatawad Ako sa kanya sapagkat tunay na ang pagbabalik-loob ay nagwawasak sa nauna rito."